411

Deped-MALAYBALAY CITY DIVISION
RELEASED
Date: 10/21/14 Time: 8:07AM
By: [illegible]

Kagawaran ng Edukasyon
Rehiyon x-Hilagang Mindanao
SANGAY NG LUNGSOD NG MALAYBALAY
Cor.Don Carlos and Guingona Sts..., Malaybalay City

Oktubre 17, 2014

MEMORANDUM PANSANGAY
Blg. 311 s. 2014

GAWAD JULIAN CRUZ BALMASEDA NG KOMISYON SA WIKANG FILIPINO (KWF)

Sa mga : Tagamasid Pansangay /Koordeneytor
Tagamasid Pampook
Punong guro /Ulongguro Pampubliko at Pampribadong
Elementarya at Sekundarya
Sangay ng Malaybalay

1. Kalakip nito ang Memorandum Pangkagawaran Blg. 117, s. 2014 na may pamagat Gawad Julian Cruz Balmaseda ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) .
2. Inaasahan ang kaguruan na magsumite sa nabanggit na Gawad sa opisina ng Tagapamanihala attention: Maria Concepcion S. Reyes. Ang huling araw ng pagtanggap ay sa Nobyembre 21, 2014.
3. Ang pagpapadala ng mga lahok sa KWF ay sa Nobyembre 24, 2014.
4. Hinihiling ang maaga at malawak na pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

EDILBERTO L. OPLENARIA
Tagapamanihala ng Paaralan

Republic of the Philippines
Department of Education

10 OCT 2014

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 117, s 2014

GAWAD JULIAN CRUZ BALMASEDA NG KOMISYON SA WIKANG FILIPINO (KWF)

Sa mga: Direktor ng Kawanihan
Direktor ng Panrehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Punongguro ng mga Paaralang Pampubliko at Pampribadong
Elementarya at Sekundarya

1. Ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ay magtatampok ng **Gawad Julian Cruz Balmaseda**, isang gawad para sa pinakamahusay na tesis at disertasyon na isinulat gamit ang wikang Filipino sa mga larangan ng agham pangkalikasan, agham panlipunan, matematika, at iba pang kaugnay na larangan.

2. Ipinangalan ang naturang gawad sa dating direktor ng Surian ng Wikang Pambansa na si Julian Cruz Balmaseda (Enero 28, 1895-Setyembre 18, 1947) ang nangungunang makata, kritiko, at iskolar sa wikang Filipino - bilang pagkilala sa kanyang ambag na mga saliksik sa diskurso ng wika at kulturang Filipino at bilang pagdiriwang sa kaniyang ika-140 kaarawan sa Enero 28, 2015.

3. Layunin ng gawad na ito na hikayatin at palaganapin ang pagsusulat at publikasyon sa Filipino at ibang mga wika ng Filipinas ng mga akdang orihinal, kabilang ang mga teksbuk at sangguniang materyales sa iba't ibang disiplina sa pamamagitan ng sistema ng mga insentibo, grant at gawad.

4. Ang Gawad Julian Cruz Balmaseda ay bukas sa lahat maliban sa mga empleyado ng KWF at kanilang mga kaanak.

5. Sa kasalukuyan, ang Gawad Julian Cruz Balmaseda ang pinakamalaking gawad ng KWF. Mayroon itong premyo na Isang Daang Libong Piso (P 100,000.00) na net, plake ng pagkilala, at opsiyon na unang mailathala ang tesis at/o disertasyon sa ilalim ng programa ng KWF Aklat ng Bayan. Para sa unang taon ng gawad sa 2015, ang mga tesis at/o disertasyon ay kinakailangang naipasa mula 2013-2014. Kalakip sa Memorandum na ito ang Tuntunin sa Pagpili ng Ulirang Guro sa Filipino.

6. Ang huling araw ng pagpapadala ng lahok ay sa **Nobyembre 28, 2014.**

7. Para sa karagdagang kaalaman, maaaring tumawag kina **G. Jose Evie G. Duclay** o **Bb. Maria Christina Pangan** ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) sa telepono blg.: (02) 736-2519; o sa mobile phone blg.: 0906-385-8197/0908-287-1981, o mag email sa: komfil.gov@gmail.com, o bumisita sa website address: www.kwf.gov.ph.

8. Hinihiling ang maagap na pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

BR. ARMIN A. LUISTRO FSC
Kalihim

Kalakip:
Gaya ng nasasaad

Sanggunian:
Wala

Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan
sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

BUREAUS AND OFFICES
EMPLOYEES
PRIZES OR AWARDS
SCHOOLS
TEACHERS

Rhea/D-DM Gawad Julian Cruz Balmaseda ng KWF
0623/Setyembre 17, 2014

(Kalakip ng **Memorandum Pangkagawaran Blg. 117, s. 2014**)

GAWAD JULIAN CRUZ BALMASEDA

Pinagtibay ng Kalupunan ng mga Komisyoner ng KWF ang Kapasiyahan Blg. 14-24 noong 20 Hunyo 2014 na bumubuo sa Gawad Julian Cruz Balmaseda, isang gawad para sa pinakamahuhusay na tesis at disertasyon na isinulat gamit ang wikang Filipino para sa mga larang ng agham pangkalikasan, ng agham panlipunan, ng matematika, at ng iba pang kaugnay na larang. Layunin ng gawad na ito na hikayatin at palaganapin, sa pamamagitan ng sistema ng mga insentibo, ang mga grant at gawad, ang pagsusulat at publikasyon—sa Filipino at ibang mga wika ng Filipinas—ng mga akdang orihinal, kabilang ang mga teksbuk at sangguniang materyales sa iba't ibang disiplina.

Ipinangalan ang naturang gawad sa dating direktor ng Surian ng Wikang Pambansa na si Julian Cruz Balmaseda (28 Enero 1895–18 Setyembre 1947)—nangungunang makata, kritiko, at iskolar sa wikang Filipino—bilang pagkilala sa kaniyang ambag na mga saliksik sa diskurso ng wika at kulturang Filipino at bilang pagdiriwang sa kaniyang ika-140 kaarawan sa 28 Enero 2015.

Sa kasalukuyan, ang Gawad Julian Cruz Balmaseda ang pinakamalaking gawad ng KWF—mayroon itong premyo na **isang daang libong piso** (Php100,000) (net), plake ng pagkilala, at opsiyon na unang mailathala ang tesis at/o disertasyon sa ilalim ng programang KWF Aklat ng Bayan. Para sa unang taón ng gawad sa 2015, ang mga tesis at/o disertasyon ay kinakailangang naipasá mula 2013–2014. Ang huling araw ng pagpapadala ng lahok ay sa **28 Nobyembre 2014**.

MGA TUNTUNIN

1. Ang Gawad Julian Cruz Balmaseda ay bukás sa lahat maliban sa mga empleado ng KWF at kanilang mga kaanak.
2. Ang mga ilalahok na tesis at/o disertasyon na isinulat at naipasá bilang kahilingan sa kurso ay mula isa hanggang dalawang taon bago ang taon ng panawagan para sa nominasyon. Para sa panawagan sa taóng 2014, ang mga tesis at/o disertasyon na naipasá mula 2012–2013. Kinakailangang ang tesis at/o disertasyon ay isinulat bilang kahilingan sa mga kursong may kaugnayan sa agham pangkalikasan, sa agham panlipunan, sa matematika, at sa iba pang kaugnay na larang.
3. Kailangang nasusulat sa Filipino ang lahok, orihinal, hindi pa nailalathala at hindi rin salin sa ibang wika. Hindi tatanggapin ng KWF ang mga plahiyadong lahok. Hindi patatawarin ang sinumang mahuhuli at mapatutunayang nangopya. Kakanselahin ng KWF ang ipinagwaging lahok nitó sa gawad at hindi na muling makasasali pa sa alinmang gawad at timpalak ng KWF.
4. Marapat na gamitin ang KWF Manwal sa Masinop na Pagsulat (MMP) bilang format ng pagsulat ng talababa, talasanggunian, atbp.

5. Ang lahok ay kailangang isumite nang apat (4) na kopyang makinilyado o kompiyuterisado. Ang soft copy naman ng lahok ay kailangang ilagay sa isang compact disc (CD). Kinakailangang ding ilakip ang curriculum vitae ng kalahok at ang pormularyo sa rekomendasyon mula sa dalawang propesor (maaaring i-download ang pormularyo sa KWF website at KWF facebook). Ang mga hard copy, CD, curriculum vitae, at pomularyo sa rekomendayson ay kailangang ilagay sa isang long brown envelope na may pangalan at adres ng kalahok. Ipadadala ang mga lahok sa KWF Lupon sa Gawad 2F Gusali Watson, 1610 Kalye J. P. Laurel, San Miguel, Maynila.
6. Anumang pasiya ng Lupon ng Inampalan ay pinal at hindi na mababago. Ang huling araw ng pagpapadala ng lahok ay sa 28 Nobyembre 2014. Makatatanggap ng halagang Php100,000 (net) at isang plake ng pagkilala ang magwawagi ng naturang gawad. Lahat ng lahok, nanalo man o natalo, ay hindi na ibabalik sa mga kalahok at angkin ng KWF ang unang opsiyon na mailathala ang mga nagwaging lahok nang walang royalti sa may-akda.

Para sa kaukulang tanong, sumulat sa komfil.gov@gmail.com o tumawag sa (02) 736-2519, 09063858197, o 09082871981 at hanapin si G. Jose Evie G. Duclay. Bisitahin rin ang www.kwf.gov.ph para sa karagdagang impormasyon.